



Kapaskuhan ng 2021 sa Brampton sa panahon ng pandemyang COVID-19

BRAMPTON, ON (Disyembre 14, 2021) – Sa paparating na kapaskuhan, maraming tanggapan ng Lungsod ng Brampton, kabilang ang City Hall, ang sarado sa publiko mula Biyernes, Disyembre 24, 2021 ng 12 pm hanggang Martes, Enero 4, 2022 ng 8:30 am.

Ang lahat ng mga kritikal na serbisyo, kabilang ang Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya, Mga Serbisyo sa Trapiko, Pagpapatupad ng By-Law, Mga Operasyon sa Kalsada, at Mga Serbisyo sa Seguridad ay patuloy na gagana gaya ng dati upang suportahan ang komunidad.

Ang mga residente ay maaaring tumawag sa 311 o 905.874.2000 (kung nasa labas ng Brampton), gumamit ng Brampton 311 app (makukuha sa App Store o Google Play), bumisita sa www.311brampton.ca o mag-mail sa 311@brampton.ca para sa anumang mga katanungan o kahilingang serbisyo. Ang pangkat ay narito 24/7 para sa anumang usapin sa Lungsod ng Brampton o Rehiyon ng Peel, kabilang ang mga katanungang nauugnay sa COVID-19. Bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 para sa higit pang impormasyon.

Bisperas ng Bagong Taon ng Brampton

Ang countdown para sa 2022 ay nagsimula na at walang mas magandang lugar para magdiwang kaysa sa downtown Brampton! Abangan ang Bagong Taon simula 9 p.m. sa Garden Square na may live, in-person na pagtatanghal mula sa Juno Award-winning na Sam Roberts Band, lokal na Brampton artist na si Ameerah at espesyal na panauhin na si Aysanabee. Sa pagsapit ng hatinggabi, masiyahan sa isang nakasisilaw na 10 minutong palabas ng mga paputok na handog ng Kalsi Law. Para sa mga detalye ng kaganapan at impormasyon sa mga pagsasara ng kalsada, paradahan at pagpapalano ng iyong biyahe sa Brampton Transit, bumisita sa brampton.ca/newyearseve. Salamat sa mapagbigay na sponsor ng kaganapan ng Lungsod, ang Tim Hortons.

Pumunta nang maaga sa downtown at mag-enjoy sa isang night out na may kasamang hapunan sa isa sa mga nakamamanghang restawran ng Brampton kasama ang tatlong opisyal na kapartner ng pagkain para sa kaganapan:

- [The WORKS Craft Burgers & Beer](#): 8 Queen St E
- [Pizzanini](#): 18 Main St S
- [RaPizza](#): 6 George St S Unit 2

I-download ang bagong lunsad na [Food Guide Pass](#) para sa access sa mga eksklusibong deal at mga diskwento rin mula sa isang seleksyon ng mga restawran mula sa Brampton Food Guide.

Levee ng Bagong Taon ng Mayor

Harapang Hagdanan ng City Hall
Sabado, Enero 1, 2022 mula 12 hanggang 2 pm

Simulan ang 2022 kasama si Mayor Patrick Brown at mga Konsehal. Samahan ang mga Miyembro ng Konseho sa harapang hagdanan ng City Hall upang makipagpalitan ng pagbati para sa susunod na taon. Ang isang pag-skate ng komunidad ay gaganapin sa Gage Park mula 2-4 pm kasunod ng meet and greet.



Para sa karagdagang impormasyon sa Levee ng Bagong Taon ng Mayor, bisitahin ang kalendaryo ng mga kaganapan ng Lungsod sa brampton.ca/events

Mga Paputok

Ang Bisperas ng Bagong Taon ay isa sa apat na inaprubahang araw sa isang taon kung kailan pinapayagan ang mga short-range na paputok sa pribadong pag-aari, nang hindi nangangailangan ng permit. Ang mga short-range na paputok ay yaong may posibilidad na lumayo nang wala pang tatlong metro (10 talampakan) kapag sinindihan (hal. mga fountain, gulong, ground spinner, sparkler). Ang lahat ng iba pang mga rocket-type na paputok ay ipinagbabawal sa Brampton. Ang Lungsod ay nagpapaalala sa mga residente na ang mga paputok ay hindi pinapayagang gamitin sa mga kalye, bangketa, sa loob ng mga parke ng Lungsod o sa mga ari-arian ng munisipyo o paaralan. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.brampton.ca.

Kapag gumagamit ng mga short-range na paputok sa iyong ari-arian, dapat mong sundin ang mga pag-iingat na ito sa kaligtasan:

- Dapat ay mayroon kang lalagyan ng tubig o linya ng hose na puno ng tubig na magagamit upang patayin ang mga paputok
- Hindi ka dapat magsindi ng paputok o humawak ng nakasinding paputok, maliban sa sparkler
- Pagkatapos gumamit ng mga sparkler, ilagay ang mga ito sa isang lalagyan ng tubig upang ganap na lumamig bago itapon
- Hayaang ganap na lumamig ang lahat ng paputok bago itapon

Brampton Transit

Ang Brampton Transit ay tatakbo sa Serbisyon Bakasyon mula Disyembre 20 hanggang Enero 2. Ang binawasang serbisyo sa mga araw ng linggo ay magkakabisa at ang mga espesyal na Paaralan at mga dagdag na serbisyo ay kinansela. Sa Disyembre 25, 26 at Enero 1, ang Serbisyo sa Linggo/Bakasyon ay magkakabisa. Ang regular na serbisyo ay magpapatuloy sa Lunes, Enero 3, 2022.

Ang Brampton Transit ay tatakbo sa sumusunod na iskedyul para sa kapaskuhan:

- Lunes, Disyembre 20, 2021: Binawasang serbisyo sa mga araw ng linggo
- Martes, Disyembre 21, 2021: Binawasang serbisyo sa mga araw ng linggo
- Miyerkules, Disyembre 22, 2021: Binawasang serbisyo sa mga araw ng linggo
- Huwebes, Disyembre 23, 2021: Binawasang serbisyo sa mga araw ng linggo
- Biyernes, Disyembre 24, 2021: Binawasang serbisyo sa mga araw ng linggo
- Sabado, Disyembre 25, 2021: Serbisyo sa Linggo/Bakasyon
- Linggo, Disyembre 26, 2021: Serbisyo sa Linggo/Bakasyon
- Lunes, Disyembre 27, 2021: Binawasang serbisyo sa mga araw ng linggo
- Martes, Disyembre 28, 2021: Binawasang serbisyo sa mga araw ng linggo
- Miyerkules, Disyembre 29, 2021: Binawasang serbisyo sa mga araw ng linggo
- Huwebes, Disyembre 30, 2021: Binawasang serbisyo sa mga araw ng linggo
- Biyernes, Disyembre 31, 2021: Binawasang serbisyo sa mga araw ng linggo
- Sabado, Enero 1, 2022: Serbisyo sa Linggo/Bakasyon



- Linggo, Enero 2, 2022: Serbisyo sa Linggo/Bakasyon

Ang isang pinahusay na iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling may bisa. Layunin ng Brampton Transit na disimpektahin ang lahat ng mga matitigas na ibabaw, operator compartment at upuan tuwing 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang nililinis tuwing 24 oras. Ang mga pasilidad at terminal na may matitigas na ibabaw ay pinupunasan at nililinis araw-araw.

Hinihimok ng Lungsod ang mga mananakay na hangga't maaari ay patuloy na panatilihin ang pisikal na pagdidistansya sa mga terminal, at sa mga hintuan ng bus, kahit na nakasuot ng mask. Pinapaalalahanan din ang mga mananakay na magdala ng kanilang sariling personal na pandisimpekta kapag naglalakbay, tulad ng hand sanitizer o wipe, madalas na paghuhugas ng kanilang mga kamay, at pag-ubo o pagbahing sa kanilang siko. Kung ikaw ay may sakit, pakiwasan ang pagsakay sa transit, magpasuri sa pinakamalapit na lugar ng pagsubok ng COVID-19 at sundin ang mga tagubilin sa pampublikong kalusugan.

Sa gabay ng Pampublikong Kalusugan ng Peel, pinapaalalahanan ang mga mananakay na ang mga hindi medikal na mask na tumatakip sa iyong ilong, bibig at baba ay kailangan sa mga bus at terminal. Ang Lungsod ng Brampton ay malapit na nakikipagtulungan sa mga katuwang nito sa Pampublikong Kalusugan ng Peel at sa Tanggapan ng Emerhensiyang Pamamahala ng Brampton upang patuloy na subaybayan ang mga panganiib.

Bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 para sa mga regular na pag-update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o i-follow ang [@bramptontransit](https://twitter.com/bramptontransit) sa Twitter para sa mga update ng serbisyo. Ang mga katanungan ay maaaring idirekta sa Sentro ng Pakikipag-ugnayan ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

Libangan ng Brampton

Ang mga oras ng operasyon sa bakasyon ng Sentro ng Libangan ng Brampton ay makikita sa www.brampton.ca/holidayhours. Para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyo at programa ng libangan, bisitahin ang www.brampton.ca/recreation.

Mga Panlabas na Amenidad

Ang mga panlabas na skating rink ay bukas sa buong kapaskuhan, kapag maayos ang lagay ng panahon. Ang mga oras ng operasyon at buong detalye ay matatagpuan sa www.brampton.ca/outdoorskating.

Ang Mount Chinguacousy ang destinasyon ng ating lungsod para sa Skiing, Snowboarding at Tubing na matatagpuan sa Chinguacousy Park. Ang Mount Chinguacousy ay nakatakda magbukas sa Disyembre 27, kapag maayos ang lagay ng panahon at niyebe. Para sa lahat ng impormasyon, kabilang ang mga oras ng operasyon, bukas o sarado na katayuan, at mga detalye ng pagpaparehistro, bisitahin ang www.brampton.ca/MountChinguacousy.

Galugarin ang www.brampton.ca/winterwonderland para sa higit pang panlabas na mga pagkakataon sa kasiyahan sa taglamig at patuloy na mga update sa estado ng amenidad!

Paglilikom ng Pagkain at Laruan



Mula Disyembre 1 hanggang 15, mag-donate ng hindi nabubulok na mga pagkain at bago, hindi nakabalot na mga laruan sa iba't ibang lokasyon sa Brampton, kabilang ang Mga Sentro ng Libangan at mga aklatan. Ang lahat ng mga donasyon ay ipapamahagi sa mga pamilyang nangangailangan sa ating komunidad. [Mag-click dito para sa mga lokasyon ng drop-off at listahan ng mga pinaka-kailangang bagay.](#)

Mga Kit ng Aktibidad sa Bakasyon

Damhin ang kasiyahan sa Bakasyon mula sa tahanan sa LIBRENG kit ng aktibidad na ibinigay ng Lungsod ng Brampton. Ang mga kit ng aktibidad ay may sariling gabay at naglalaman ng mga aktibidad na may temang Bakasyon para i-enjoy ng mga bata kabilang ang paggawa ng sarili mong mga palamuti at pipe cleaner snowflakes. Ang mga kit ng aktibidad ay makukuha nang curbside pickup sa Cassie Campbell, Century Gardens, at Gore Meadows sa Lunes, Disyembre 20, 2021 mula 4-8 pm, hangga't hindi nauubos. [Mag-click dito para sa mga detalye.](#)

Pagpaparehistro sa Programa sa Taglamig

Bukas na ngayon ang pagpaparehistro para sa mga programang sesyon ng taglamig ng Libangan ng Brampton. Ang mga programa ay makikita online at maaaring magpaharisto sa www.brampton.ca/registerforprograms. Magsisimula ang mga programang nakarehistro sa taglamig sa Enero 3, 2022.

Aklatan ng Brampton

Ang lahat ng mga sangay ng Aklatan ng Brampton ay sarado sa:

- Biyernes, Disyembre 24, 2021
- Sabado, Disyembre 25, 2021
- Linggo, Disyembre 26, 2021
- Biyernes, Disyembre 31, 2021
- Sabado, Enero 1, 2022

Bisitahin ang [website ng Aklatan ng Brampton](#) anumang oras para madiskubre ang [online na paghiram](#) at access sa [mga eBook](#), [eAudiobook](#), [TV at Movie streaming](#), [online na pag-aaral](#), [pagtuturo sa arts and crafts](#), at higit pa. [Mag-subscribe sa mga email update at newsletter ng Aklatan ng Brampton](#) at i-follow kami sa [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), [LinkedIn](#) at [YouTube](#). Para sa higit pang mga detalye, [pakibisita ang website ng Aklatan ng Brampton](#).

Mga Serbisyo sa Hayop ng Brampton

Ang Brampton Animal Shelter ay tatakbo sa sumusunod na iskedyul:

- Biyernes, Disyembre 24, 2021 - Sarado sa hapon
- Sabado, Disyembre 25, 2021 - Sarado
- Linggo, Disyembre 26, 2021 - Sarado
- Lunes, Disyembre 27, 2021 - Sarado
- Martes, Disyembre 28, 2021 – Bukas 10 am hanggang 12 pm para sa pagkuha ng hayop lamang
- Miyerkules, Disyembre 29, 2021 – Bukas 10 am hanggang 4 pm
- Huwebes, Disyembre 30, 2021 – Bukas 10 am hanggang 4 pm



- Biyernes, Disyembre 31, 2021 - Sarado sa hapon
- Sabado, Enero 1, 2022 - Sarado
- Linggo, Enero 2, 2022 - Sarado
- Lunes, Enero 3, 2022 - Sarado

Magbubukas muli ang shelter para sa regular na negosyo sa Martes, Enero 4, 2022. Kapag bukas ang shelter, ito ay sa pamamagitan ng appointment lamang.

Ang Animal Control ay nasa kalsada mula 8 am hanggang 6:30 pm mula Disyembre 24 hanggang 28, 2021 at Enero 1 hanggang 3, 2022. Ang Animal Control ay nasa kalsada mula 7 am hanggang 10 pm sa Disyembre 29 at 30, 2021. Sa labas ng mga oras na ito, ang Animal Control ay tutugon lamang sa mga emerhensiya.

Ang Animal Control ay kasalukuyang tumutugon sa mga sumusunod na tawag:

- Pagkuha ng mga may sakit/nasugatan/agresibong alagang hayop at wildlife
- Agresibong hayop
- Nakawalang aso
- Imbestigasyon ng kagat ng aso
- Pagkuha sa mga nakakulong o ligaw na aso
- Pagkuha sa mga patay na hayop

Mga Paalala ng Peel sa Pampublikong Kalusugan para sa mga Bakasyon

Habang nagpapatuloy ang pagpapalabas ng bakuna at kumakalat ang mga variant ng alalahanin sa ating komunidad, mahalagang tandaan na ang mga hakbang para sa kalusugan ng publiko ay nananatili bilang pinakamainam nating depensa laban sa COVID-19. Para sa higit pang impormasyon kung paano at saan ibu-book ang iyong bakuna para sa COVID-19 sa Peel, bisitahin ang:

<https://www.peelregion.ca/coronavirus/vaccine/>.

Pangalagaan ang isa't isa sa mga bakasyon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntunin ng probinsya sa Hakbang 3 ng [Roadmap to Reopen](#) nito.

Gaya ng dati, pakitandaan na:

- Manatili sa bahay at magpasuri kung ikaw ay may sakit
- Limitahan ang mga pagtitipon
- Panatilihin ang 2 metrong pagitan
- Hugasan ang iyong mga kamay
- Magsuot ng maayos ang sukat na maskara
- Magpabakuna

-30-

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca